
# SI LUIS MAIS



Kwento ni:
Romeo C. Ordoñez

Guhit ni:
Shane Reza M. Amath



*Pamantayan sa Pagkatuto*

*Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa kwento gamit ang larawan.*

*Nakapagpapakita ng pagmamahal sa pamilya at kapwa sa lahat ng pagkakataon lalo na sa oras ng pangangailangan. Code: Fil I PN-IIf-8*



## Development Team

Kuwento ni: **Romeo C. Ordoñez**


Guhit at Lapat ni: **Shane Reza M. Amath**

Learning Resource Manager:


**Ruby M. Jimenez, PhD**
*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

**Pampanga**


# SI LUIS MAIS



Masayang naglalaro sina Luis Mais at ang kanyang mga kaibigang sina Pong Talong, Elsa Kalabasa, Sita Sitaw, Nena Patola at Nora Okra. Biglang dumating si Popoy Upo at ginulo ang kanilang paglalaro, sabay tumawa ng malakas.










"Ano ka ba naman Popoy Upo?" tanong ni Luis Mais. "Wala naman kaming ginagawa sa iyo, bakit ka nanggugulo?" dugtong pa ni Luis Mais habang nag-aayos. "Oo nga naman Popoy Upo," sabat naman ng mga kaibigan.






“Bakit, may reklamo ba kayo?” tanong ni Popoy Upo sa kanila. “Ako ang hari dito, maaari kong gawin ang kahit na anong gustuhin ko,” pagmamayabang ni Popoy Upo sa kanila, sabay na kinabog ang kanyang dibdib.






Natahimik sina Pong Talong, palibhasa si Popoy Upo ang may pinakamalaking katawan sa kanilang lahat. Pinalipas na lamang nila ang panggugulo ni Popoy Upo. "Sa ibang araw na lang tayo maglaro," ang payo ni Luis Mais.








Isang araw ay may narinig silang malakas na hiyaw sa kakahuyan. “Tulungan ninyo ako!” sigaw ni Popoy Upo. “Parang boses ni Popoy Upo iyon?” wika ni Luis Mais. “Tara! Tingnan natin,” anyaya nito sa mga kaibigan.



Nang marating nila ang kakahuyan ay natagpuan nila si Popoy Upo sa gilid ng bangin na nakasabit. “Tulong! Tulungan ninyo akong makaalis dito,” pagmamakaawa ni Popoy Upo kay Luis Mais at sa iba pang mga kaibigan.



“Nagmamakaawa ako sa inyo kaibigan,” samo ni Popoy Upo. “Tulungan ninyo akong makaahon at makaalis dito,” ang sabi ni Popoy Upo. Hirap na hirap na si Popoy Upo sa kanyang kinalalagyan sa gilid ng bundok.







Nadulas pala si Popoy Upo habang naglalakad sa gilid ng bundok. Dumausdos ang kanyang mga paa habang siya ay pababa sa gilid ng matarik na bangin.  Buti na lamang at nakahawak siya sa isang malaking bato.










"Tulungan natin siya!" anyayang sabi ni Luis Mais. "Hindi ba masama siya?" ang wika ni Sita Sitaw. "Hayaan na lamang natin siya," dagdag pa nito. "Oo nga! Mabuti nga sa kanya yan," sabad ni Nora Okra.



“Mabuti nga sa kanya!” ang wika ni Elsa Kalabasa. “Masyado kasi siyang mayabang’” dagdag naman nina Nena Patola at Pong Talong. Sabay-sabay na tumalikod sina Sita Sitaw, Nora Okra, Elsa Kalabasa, Nena Patola at Pong Talong.






"Sandali lang mga kaibigan," ang wika ni Luis Mais. "Makinig muna kayo sa akin," ang sabi ni Luis. "Hindi tayo dapat magtanim ng sama ng loob kay Popoy Upo. Kailangan niya tayo ngayon," habol pa nito.




Napahinto ang magkakaibigan at napaisip sa sinabi ni Luis Mais.
"Kung sa bagay, may katwiran si Luis Mais," ang sabi ni Sita Sitaw.
"Sige, tara na. Tulungan natin si Popoy Upo," ang sabi ni Elsa Kalabasa.











Nagtulong-tulong sina Luis Mais at kanyang mga kaibigan upang maiahon si Popoy Upo sa gilid ng bangin. Hiyang-hiya si Popoy Upo sa kanilang ginawa para sa kanya ng maiahon siya nina Luis Mais at mga kaibigan.

“Patawarin ninyo ako sa lahat ng nagawa ko sa inyo mga kaibigan,” nahihiyang sabi ni Popoy Upo sa kanila. “Sa kabila ng lahat nang aking nagawa, tinulungan pa rin ninyo ako,” sising-sising wika ni Popoy Upo.










"Maraming-maraming salamat sa inyong lahat. Sa kabila ng hindi magandang inasal ko sa inyo ay tinulungan n'yo pa rin ako," ang sabi ni Popoy Upo sa mga kaibigan.

"Walang anuman," sagot ni Luis Mais kay Popoy Upo.



"Dapat naman talaga ay nagtutulungan ang magkakaibigan sa oras ng pangangailangan," sabi ni Pong Talong. "Patawarin mo rin kami Popoy Upo dahil hindi ka namin agad tinulungan kahit kailangan mo kami," dagdag pa ni Sita Sitaw.






`“Salamat mga kaibigan, tunay nga ang kabaitan ninyo sa akin,” sabi ni Popoy Upo. “Maaari na ba akong sumali sa inyo sa paglalaro?” dagdag pa nito. “Oo naman, kaibigang Popoy Upo,” ang sagot ni Luis Mais.










Mula noon ay naging matalik na magkaibigan na sina Luis Mais, Sita Sitaw, Elsa Kalabasa, Nora Okra, Pong Talong at Popoy Upo. Lagi na rin silang magkakasama sa paglalaro at kahit maging sa lahat ng bagay.



## TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**ROMEO C. ORDOÑEZ:** Dating nagturo sa
Divisoria Elementary School,
Divisoria, Mexico, Pampanga
bilang Master Teacher II

**SHANE REZA M. AMATH:** Kasalukuyang nagtuturo sa
Gerry H. Rodriguez High School,
Divisoria, Mexico, Pampanga
bilang Teacher I



Ang kwentong “Si Luis Mais” ay tungkol sa magkakaibigang binago ang di kanais-nais na ugali ng isa nilang kaibigan.

Sino sa mga magkakaibigan ang may di kanais-nais na ugali?

Paano binago ng magkakaibigan ang di kanais-nais na ugali ng isa sa kanila?

